# ANG MENSAHE NG PASKO

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

ni: Fr. Leo Balaguer

Disyembre 21, 2024

Ang tagumpay ng bawat kaganapan ay nakasalalay sa paghahanda. Tayo ngayon ay naghahanda para sa Pasko. Ang adbiyento ay apat na linggong paghahanda sa pagdiriwang ng kapanganakan ni Hesus. Ang salitang adbiyento ay galing sa salitang Latin *"ad venire,"* na ang ibig sabihin ay *"darating."* Apat (4) na kandila ang kumakatawan sa Adbiyento. Sinindihan na natin ang pang-apat na kandila na kumakatawan sa *PAG-IBIG*, ang pinakadakilang pag-ibig ng Diyos dahil ipinadala Niya ang Kanyang bugtong na anak para sa atin. ***Si Hesus ay darating, at tayo ay sabik na naghihintay sa Kanyang pagdating.*** Ang tagumpay ng ating Pasko ay depende sa paraan ng ating paghahanda sa Kanyang pagdating.



**PAANO TAYO DAPAT MAGHANDA PARA SA PASKO?**

1. **Ihanda natin ang pagbabago ng ating puso at ang pagbabago ng ating buhay.**
   1.1 Naunang dumating si Juan Bautista para ihanda ang pagdating ni Hesus ng Nazareno. Si Juan ay sumisigaw sa ilang, *"Tuwirin ninyo ang daraanan ng Panginoon."* Ito rin ang sinasabi niya sa atin ngayon.
   1.2. Ang Adbiyento ay panahon ng pagbabagong loob. Ito ay may dalawang bahagi: 1) lumayo sa kasalanan at 2) bumaling sa Diyos. Hindi kailanman buo ang pagbabago kung ang isa dito ay hindi natin nagawa.

2. **Dapat handa tayo lagi sa pangalawang pagdating at pangatlong pagdating ni Hesus.**
   2.1 Dumating si Hesus 2000 taon na ang nakalipas, nagkatawang tao at nakipamuhay sa atin bagamat wala Siyang kasalanan.
   2.2 Umaasa tayo sa Kanyang pangalawang pagdating at paghuhukom sa nangabubuhay at nangamamatay.
   2.3 Gayunpaman, sa pagitan ng Una at Pangalawang pagdating ay ang *Pangatlong pagdating.* Ipinapaalala sa atin ng mga teologo na ito ay mangyayari bago ang Pangalawang Pagdating sa oras ng kamatayan ng tao at haharap kay Hesus. Walang nakaaalam kung kailan at paano darating ang pangalawa at pangatlong pagdating, ngunit sigurado itong darating.
   2.4 Sa panahon ngayon, marami ang nag-aalala sa kanilang mga karera; pagkatapos makapag-aral ng *bachelor's degree*, marami ang nagpapatuloy sa pag-aaral ng *master's degree at PhD. – Doctor of Philosophy*, para makamit ang pinakamataas na antas akademikong tagumpay sa isang particular na larangan.
   2.5 Para sa mga Kristyano, ang **PhD** ay higit na malalim ang ibig sabihin.
   - **"P**reparation for a **H**appy **D**eath" - Preparasyon sa masayang kamatayan
   - "**P**reparation for a **H**oly **D**eath - Preparasyon sa banal na kamatayan

   Gaano tayo kahanda sa masaya at banal na kamatayan?

3. **Dapat mamuhay tayo na parang ngayon ang araw na darating si Hesus, ang Pang-apat Niyang Pagdating.** Nangyayari ito araw-araw sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya - tuwing tatanggapin natin ang Banal na katawan at dugo sa Banal na Komunyon. Ito ang pinakamataas na paraan ng pagsamba, panalangin, at sakripisyo.

4. **Dapat mabuo tayo na kawangis ni Hesus**. Siya'y nanirahan sa atin (Jn. 1:14). Siya'y nasa ating mga puso. Dapat makita natin Siya sa ating kapwa (Mt. 25:35-45). Kung hindi natin Siya nakikilala sa ating kapwa, dapat tanungin natin ang ating paghahanda at kung ano ang imahe natin kay Hesus.

**Konklusyon:**

Ang pinakamagandang paraan ng pagdiriwang ng Pasko ay ang hindi pagtanggal kay si Hesus sa ating paghahanda. Ang "CHRISTMAS" na walang "Christ" at "Mass" ay walang kabuluhang pagdiriwang. Para sa makahulugang adbiyento, sambahin natin Siya sa Banal na Eukaristiya.

**Pagninilay:**

1. Gaano ka kahanda sa pagdating ng ating Panginoong Hesu-kristo?
2. Nakikita mo ba si Hesus sa mga taong dumudulog sa iyo?
3. Ano ang tatlong pamaskong kahilingan mo na gusto mong ialay sa Panginoon?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pamumuno, #Pagbabago